# ANG KAPANGYARIHAN SA PAGBABAGO

SESSION 5

CHRISTIAN VALUES MOVEMENT

## Pasimula

Ibahagi ang 2 na kalakasan mo at 2 na kahinaan mo. Ano ang matutunan mo tungkol sa iyong sarili sa panahong ito?

## Pagsusuri

"Ang problema nating mga Pilipino ay hindi naman talaga komunismo, kapitalismo, o ang uri ng gobyerno na meron tayo. Ang tunay na ugat ng lahat ay TAYO MISMO."

Sumasang-ayon ka ba sa pahayag na ito? Mahirap itanggi na kahit paaano tayo ay naging bahagi ng mga problema sa ating bansa. Tayo ay umaasa na sa katapusan ng session na ito, maintindihan nating lahat na tayo ay maaari maging bahagi ng kalutasan.

1. <u>ANG HINAHANGAD NATING PAGBABAGO...</u>

   Binago talaga ng COVID 19 pandemic ang ating buhay. Kung paano pinamahalaan ang pandemya ay muling pinalakas ang hangarin ng mga Pilipino na makita ang mas magandang pagbabago sa ating bansa. At sa parating na halalan, tayo ay muling umaasa na magkaroon ng tunay na pagbabago sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga bagong lider.

   Karamihan sa atin, ang hanap natin ay "tagapagligtas" – isang bayaning pwedeng magligtas sa atin mula sa napakaraming suliranin na bitbit ng iba't ibang henerasyon ng Pilipino.

   Tayo ay patuloy na puno ng pag-asa tuwing may parating na halalan. Bumuboto tayo na may dala-dalang pangarap ng isang tunay na pagbabago. Pero alalahanin natin na ang ibinuto natin opisyal ay hindi mag-isang makapagdadala ng pagbabagong gusto natin. Ang tunay na pagbabago ay darating lamang sa pamamagitan ng pagbabago ng bawa't mamamayan sa bansang ito.

2. <u>MAGING TAYO ANG PAGBABAGONG HINAHANGAD NATIN!</u>

   Di ba't minsan, tayo ay nakapagsinungaling na, nandaya o nangopya, at marahil, mayroon din tayong mga pangakong hindi natin natupad? Ito ang tunay na problema: habang alam natin kung paano tayo pumalpak na gawin ang mabuti na gusto nating gawin, patuloy nating ginagawa ang mga kapalpakan na hindi natin dapat ginagawa. Ang pagbabago ay hindi lang mahirap, mukhang imposible pa–di lang para sa mga pulitiko, pero maging sa atin din!

   May paliwanag ang Biblia dito. Sa **Roma 7:14-23** sinasabing ang ugat ng lahat ng problemang ito ay kasalanang nakabaon sa kaibuturan ng ating puso. Tignan ninyo yung isinulat ni Apostol Pablo:

   `[14] Alam nating ang Kautusan ay espirituwal, ngunit ako'y makalaman at alipin ng kasalanan. [15] Hindi ko maunawaan ang aking sarili. Sapagkat hindi ko ginagawa ang gusto ko, sa halip ang kinasusuklaman ko ang siya kong ginagawa. [16] Ngayon, kung ginagawa ko ang hindi ko gusto, nangangahulugang sumasang-ayon ako na mabuti nga ang Kautusan.

Christian Values Movement

Have you invited others to join this movement?

Invite them to sign up today via cvm.com.ph or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for "Christian Values Movement".

[17] Kung gayon, hindi na ako ang may kagagawan niyon, kundi ang kasalanang nan
inirahan sa akin. [18] Alam kong walang mabuting bagay na naninirahan sa aking
katawang makalaman. May kakayahan akong naisin ang mabuti, ngunit hindi ko nga
lamang ito magawa. [19] Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuting gusto ko, ang
masamang hindi ko gusto ang siya kong ginagawa. [20] Kung ang ginagawa ko ay hindi ko
nais, hindi na ako ang gumagawa nito kundi ang kasalanang naninirahan sa akin.
[21] Ito ang natuklasan ko: kapag nais kong gumawa ng mabuti, ang masama ay malapít sa
akin. [22] Sa kaibuturan ng aking puso, ako'y nalulugod sa Kautusan ng Diyos. [23] Ngunit
may ibang kapangyarihan sa mga bahagi ng aking katawan na salungat sa tuntunin ng
aking isip; binibihag ako ng kapangyarihang ito sa kasalanang naninirahan sa aking
katawan.

"Oh, what a miserable person I am! Who will free me from this life that is dominated by sin and death? Thank God! The answer is in Jesus Christ our Lord. So you see how it is: In my mind I really want to obey God's law, but because of my sinful nature I am a slave to sin."

Ang magandang balita ay may paraan para tayo makawala sa kasalanan at makasalanang pamumuhay. Si Jesu-Cristo ang Daan!

3. **SI CRITO ANG KAILANGAN NATIN...**

Wika ng Biblia na posible ang pagbabago dahil ang bagong buhay na alok ni Cristo para sa lahat: "Ang sinumang nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binago na siya!" -2 Corinto 5:17 (ASD)!

Ang kapangyarihang nagbabago ng buhay na matatagpuan lamang kay Cristo ay siyang tunay na pinagmumulan ng pag-asa para sa tunay na pagbabago sa Pilipinas.

Bakit si Jesus na ating Tagapagligtas ang kailangan para magbago ang ating buhay at ang ating bansa? Bakit Siya naiiba sa lahat na mabuting ipagkatiwala natin sa Kanya ang ating buhay at kinabukasan ng ating bansa?

Sa mga naunang session, nakita natin kung paano binago ng Cristianismo ang takbo ng mga lipunang tumamaggap sa mga turo ni Cristo. Ang mga lider na nananalig kay Jesus at sinundan ang uri ng Kanyang liderato sa paraang nakatulong sa kanilang mga bansa ay nag-iwan ng pamana ng kapayapaan at kaunlaran para sa kanilang mga kababayan.

Ikaw? Nais mo bang sundan rin ang yapak nitong One Solitary Life, at maging sanhi rin ng pagbabago dito sa ating bansa? Kung oo ang sagot mo, kailangan mo munang tanggapin sa iyong kalooban yung katotohanan sa Roma 3:23 tungkol sa kalagayan nating mga tao:

**[23] sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.**

Tayo ay magpakumbaba at amining tayo ay nagkasala at hindi natin kayang abutin ang banal na batayan ng Dios para sa isang perpektong buhay. Tulad ng wika ng Biblia, Lahat TAYO ay nagkasala, at kasama ka, at tiyak na kasama ako.



Para tayo ay maging pagbabago na iaasahan natin para ating bansa, kailangan muna tayong mabago ni Cristo. Oo, ang ating mga kasalanan ang naghihiwalay sa atin sa banal na Dios, pero may magandang balita! Wika ni Pablo sa Roma 6:23...

**23 Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.**

Nalaman natin na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Ang kabayaran ay kung ano ang nararapat na kaparusahan natin dahil isang bagay na nagawa natin. Sa kasong ito, ang nararapat na kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan – na ang ibig sabihin ay pagkahiwalay sa Dios magpakailanman.

Pero mula sa kapahayagang ito ay may magandang balita! Sinasabi sa atin nito na ang Dios ay may regalo sa atin na walang bayad, ito ay BUHAY NA WALANG HANGGAN sa pamamagitan ni JESU-CRISTO!

Ang mga prinsipyong ito para magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan ay totoo. Isang bagay na hindi tayo karapat-dapat pero inaalok sa atin bilang isang regalo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Hindi natin kailangang bayaran sapagkat binayaran Niya ang buong halaga ng Kanyang buhay. Sa pagpapakumbaba at pagsisisi, kailangan nating tanggapin ang banal na regalo. Bubuksan mo ba ang iyong puso ngayon para tanggapin ang banal na regalong ito mula kay Jesus? Basahin natin ang pinakatanyag na Salita ng Dios na nasusulat sa Biblia:

16 Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. – Juan 3:16

Thank you so much for your time! God bless you, and God bless the Philippines!

## PAG-UUSAPANG MGA TANONG

1. Ano ang kahanga-hanga kay Jesu-Cristo? Anong nagawa NIya para sa atin?
2. Bilang tagasunod ni Cristo, ano ang itatalaga mong gawin para mabago ang takbo ng ating bansa sa lawak ng iyong impluwensiya?

## PAGSASAGAWA

1. Basahin ang Book of John sa Bibliya para mas makilala mo si Hesu Kristo. Magbasa ng isang chapter kada araw. (You may also visit https://glc.ccf.org.ph for resources and studies about the Christian faith.}
2. Kasama ang 7 katao na na-imbita mo sa CVM, pag-aralan ninyo ang leksyong ito. Hingkayatin mo din sila na mag-imbita rin ng pitong katao ang bawat isa sa kanila dahil hangad nating lahat na umabot sa 10 milyon katao ang kasanib ng kilusang ito. Sign up in our website: https://cvm.com.ph or download the app in the App Store (iOS) or Google Play Store, just search for “Christian Values Movement!
3. Makipag-ugnayan sa iyong grupo at manatiling updated sa mga aktibidad ng CVM.